British Columbia HealthLinkBC

Tagalog - Number 126
July 2022

# Isang Gabay sa Paggawa ng Desisyon para sa mga Pasyenteng Nasuring may (mga) Katarata

## A Decision-Making Guide for Patients Diagnosed with Cataract(s)

### Ano ang katarata?

Ang lente ng mata ay karaniwang malinaw para sa maraming taon ng buhay. Kapag nagkakaroon ng katarata ang lente ay nagiging maulap. Karamihan sa mga tao ay nagkakaroon ng katarata sa pag-edad at mayroon silang mga ito sa magkabilang mata. Ang isang mata ay maaaring mas masahol pa kaysa sa kabila.

Karamihan sa mga taong may katarata ay napapansin ang mga kahirapan sa pang-araw-araw na gawain (hal., pagbabasa). Ang ilang mga taong may katarata ay nasasanay sa kanila at hindi napapansin ang pagbabago sa kanilang paningin, kahit na hindi na nila natutugunan ang mga legal na kinakailangan sa pagmamaneho.

Ang mga katarata ay mabagal na magprogreso at hindi malamang na magdulot ng biglaang pagbabago sa iyong paningin. Maaaring hindi mo kailangan ang operasyon kaagad. Ang pagbabago sa iyong salamin o ang paggamit ng magnifier at dagdag na ilaw ay maaaring makatulong sa iyong makakita ng mas mahusay. Maaaring payuhan ka ng iyong doktor na may mga benepisyo mula sa operasyon. Sa oras na iyon, dapat isaalang-alang ang operasyon, at ang pagkaantala ay maaaring hindi pinakamahusay.

### Anong mga sintomas ang magkakaroon ako?

Ang ilang karaniwang mga sintomas ng (mga) katarata ay:

- Malabo, maaninag, mahamog, maulap, hindi malinaw, o mausok na paningin
- Masyadong maliwanag ang mga headlight (ilaw sa unahan ng sasakyan) sa gabi
- Mga problema sa nakaksilaw na araw
- Mga problema sa pagbabasa ng maliit na letra
- Problema sa paningin sa madilim na liwanag
- Mga pagbabago sa paraan ng pagtingin mo sa mga kulay
- Ang paningin ay "nadodoble" ng isang aninong imahe

### Paano tinatanggal ang mga katarata?

Ang operasyon ng katarata ay isang "Operasyon sa Araw [Day Surgery]" na pamamaraan na hindi nananatili nang magdamag sa ospital. Ginagawa ito gamit ang lokal na anestetiko para pangmanhid ng mata. Karamihan sa mga pasyente ay hindi nangangailangan ng pangkalahatang pampamanhid.

Maaaring makakuha ng gamot sa pampakalma kung ikaw ay nababalisa. Kakailanganin mo ng isang tao na maghahatid sa iyo pauwi pagkatapos at maaaring mangailangan ng tulong sa paglalagay ng iyong mga pampatak sa mata o pagmamaneho. Kung kailangan mo ng operasyon sa katarata sa magkabilang mata, karaniwang may panahon ng paghihintay sa pagitan ng dalawang operasyon.

Sa operasyon, inaalis ng ophthalmologist ang natural na lente kasama ang katarata nito sa pamamagitan ng maliit na hiwa at pinapalitan ito ng artipisyal na lente [artificial lens (IOL)] na nananatili doon nang permanente.

Mayroong maraming mga uri ng mga artipisyal na lente (IOL) na magagamit. Ang mga lente na sakop ng MSP ay nagbibigay ng ganap na kasiya-siyang pagwawasto ng paningin sa karamihan ng mga pasyente.

Ang mga salamin ay karaniwang kinakailangan pagkatapos ng operasyon para sa malapit at kung minsan din sa distansyang paningin.

Ang mga lente na maaaring hindi sakop ng MSP ay maaaring makatulong sa iyo na maiwasan ang pangangailangan ng salamin. Gayunpaman, ang mga lente na ito ay maaaring hindi angkop para sa lahat ng mga pasyente dahil sa indibidwal na

kaangkupan o mga epekto. Tatalakayin ng iyong siruhano ang iba't ibang opsyon sa iyo.

## Ano kaya ang magiging hitsura ng aking paggaling?

- Karamihan sa mga pasyente na may operasyon sa katarata ay gumagaling nang may mas magandang paningin kaysa dati. Gayunpaman, aabutin ng hanggang ilang linggo para sa karamihang mga pasyente na ganap na gumaling at umangkop.
- Karamihan sa mga pasyente ay nag-uulat ng kaunting kakulangan sa ginhawa habang at pagkatapos ng operasyon. Ang mga seryosong problema ay hindi karaniwan.
- Sa ilang mga kaso, maaaring magkaroon ng kalabuan sa likod ng bagong artipisyal na lente pagkatapos ng pamamaraan (pagkalipas ng mga linggo hanggang taon), na maaaring gamutin sa isang menor na laser na pamamaraan.
- Ang karaniwang pakiramdam pagkatapos ng operasyon ay ang pagkatuyo, pangangati, at ilang pagkasensitibo sa mata. Maaaring kailanganin mong gumamit ng mga pampadulas na patak upang makatulong.

## Anong mga sintomas ang magkakaroon ako at kailan ko dapat tawagan ang aking doktor?

**Mga inaasahang sintomas:**

- Sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng operasyon
  - Malabo ang paningin
  - Banayad na pamumula
  - 'Buhangin' na pakiramdam sa mata
- 24 na oras hanggang 1 linggo pagkatapos ng operasyon
  - Mas magandang paningin
  - Banayad na pamumula
  - Mas kaunting sakit o pakiramdam ng 'buhangin'
- higit sa 1 linggo hanggang buwan pagkatapos ng operasyon
  - Panghuling bagong reseta ng salamin (kung kinakailangan)

**Tawagan ang iyong doktor kung:**

- Sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng operasyon
  - Napakasakit ang mata o masakit ang ulo
  - Pagduduwal/pagsusuka
- 24 na oras hanggang 1 linggo pagkatapos ng operasyon
  - Napakasakit ang mata
  - Mas malala ang pamumula
  - Mas malala ang paningin
  - Nakakakita ng mga kislap ng liwanag o maraming mga floater (parang lumulutang na itim na bilog sa paningin)
- higit sa 1 linggo hanggang buwan pagkatapos ng operasyon
  - Mas malala ang paningin

## Sa buod

- Ang operasyon sa katarata ay karaniwan, ligtas, napakaliit ang sakit at epektibo.
- Walang operasyon ay may sero na panganib, susuriin ng iyong siruhano ang lahat ng panganib at benepisyo nang maaga.
- Dapat mong isaalang-alang ang pagpapaopera sa katarata kung ang iyong paningin ay nagbibigay sa iyo ng mga problema sa iyong pang-araw-araw na mga gawain (hal., pagbabasa o paggamit ng kompyuter) o upang mapabuti ang iyong paningin upang mapanatili ang iyong mga kinakailangan sa lisensya ng pagmamaneho. Ang pagkakaroon ng operasyon sa katarata ay maaaring makatulong na mapataas ang iyong kaligtasan, tiwala sa sarili, at kalayaan.
- Siguraduhing ibahagi sa iyong doktor kung paano naapektuhan ng iyong mga problema sa paningin ang iyong buhay.